



SIKAP PINOY SAVINGS ACCOUNT Frequently Asked Questions (FAQs)

1. Ano ang Sikap Pinoy Savings Account?

Ito ay ATM Savings Account na handog para sa mga Pinoy na nais gamitin ang Bank of Commerce upang mapadali at masiguro ang pagtanggap ng perang padala ng sinumang kamag-anak na nagtatrabano sa ibayong dagat gayon din ng mga nagpapadala ng suportang pinansyal mula sa iba't ibang lugar ng Pilipinas. At dahil ito ay isang savings account, maarin mo na rin itong magamit para sa mga sumusunod:

- 1.1 Makapag-umpisang mag-ipon para sa mga darating na pangangailangan;
- 1.2 Upang mapag-ingatan ang pera sa pamamagitan ng pag-withdraw kung ano lamang ang kailangang gastusin; at
- 1.3 Magkaroon ng isang financial tool na maaaring pakinabangan sa lumalawak na eCommerce business tulad ng online payments.

2. Magkano ang kailangang "initial deposit" at "maintaining balance" sa Sikap Pinoy Savings Account?

Hindi kailangan ng initial deposit upang makapagbukas ng Sikap Pinoy Savings Account at dahil dito, hindi rin kailangan ng maintaining balance upang mapanatiling aktibo ang iyong Sikap Pinoy Savings Account. Siguraduhin lamang ng magkaron ito ng activity (deposit or withdrawal) kahit minsan sa loob ng anim (6) na buwan upang manatiling walang maintaining balance.

3. Ano ang mga kailangan upang makapagbukas ng Sikap Pinoy Savings Account?

Kailangan mo lang magdala ng isang government issued identification card tulad ng pasaporte, driver's license, voter's ID, at iba pa. Para sa mga mag-aaral, ang school ID ay sapat na upang makapagbukas ng Sikap Pinoy Savings Account.

4. Gaano katagal bago makuha ang Sikap Pinoy ATM Card?

Sa mga Pre-Departure Orientation Seminars (PDOS) ng mga paalis na OFWs gayundin sa mga di pangkaraniwang kampanya kung saan ang pagbukas ng Sikap Pinoy Savings Account ay ginagawa sa labas ng mga sangay ng Bank of Commerce, kaagad-agad mo ring makukuha ang iyong Sikap Pinoy ATM Card sa araw na ikaw ay nag-apply at kalakip nito ay ang PIN Mailer kung saan matatagpuan an iyong temporary PIN na maaari mong palitan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga panuntunan na nakasaad dito.

5. Maaari ko ba kaagad magamit ang Sikap Pinoy ATM Card?

Makaraan ang tatlong working day mula ng makuha mo ang iyong Sikap Pinoy ATM Card, maaari mo na itong magamit sa alinmang ATM terminals ng Bank of Commerce o sa kahit aling ATM ng Bancnet, Megalink o Expressnet.

6. Maaari ko bang ikuha ng Sikap Pinoy Savings Account ang aking asawa at mga anak o kung sinuman ang palagian kong padadalhan ng financial support?

Kung ikaw ay isang OFW, Oo. Mas mainam na ipagbukas mo ng Sikap Pinoy Savings Account ang iyong asawa at mga anak or sinumang nais mong maging beneficiary upang sa ganon ay maibukod mo ang iyong ipon at mga gastusin ng iyong pamilya.

7. Ang Sikap Pinoy Savings Account ba ay kumikita ng "interest" sakaling ito ay aking pag-ipunan?

Oo, kapag ang natitira sa iyong Sikap Pinoy Savings Account ay di bumababa ng Php500, ito ay kumikita na ng kaukulang interest.

8. Kapag ako o ang aking kamag-anak na nasa ibayong dagat ay nais maghulog sa aking Sikap Pinoy Savings Account, paano ito gagawin?

- 8.1 Bumisita lamang sa pinakamalapit na bangko o remittance centers;
- 8.2 Mag fill-up ng remittance application form at sundin ang proseso ng pagpapadala;

8.3 Siguraduhing mailagay sa form ang tamang impormasyon upang maiwasan ang pagkaantala ng iyong padala (Siguraduhing ang ilalagay na BENEFICIARY ay kung sino ang nagbukas ng account). Karaniwang pagkakamali ay ang paglagay ng pangalan kung sino ang may hawak ng ATM card;

8.4 Sakaling hingin ng bangko or remittance center ang SWIFT CODE ng Bank of Commerce, ito ay PABIPHMM.

9. Kapag ako o aking kamag-anak na nandito sa Pilipinas naman ang nais maghulog sa aking Sikap Pinoy Savings Account, paano ito gagawin?

9.1 Bumisita lamang sa pinakamalapit na sangay ng Bank of Commerce;

9.2 Mag fill-up ng deposit slip;

9.3 Siguraduhing mailagay sa deposit slip ang tamang impormasyon;

9.4 Dalahin sa teller ang perang ihuhulog kalakip ang deposit slip.

10. Hanggang gaano kalaki ang maaaring ihulog sa aking Sikap Pinoy Savings Account?

Dahil ito ay isang savings account, walang limit ang perang maaari mong ihulog, subalit, depende sa bansa kung saan ka nandoon, may mga patakaran at maaaring karagdagang dokumento o impormasyon ang hihingin sa iyo kapag may kalakihan ang iyong ihuhulog. Tulad dito sa Pilipinas, maaaring humingi ng supporting documents kapag ang iyong deposit o withdrawal ay nagkakahalaga ng Php500,000 or higit pa.

11. Saan ko makikita ang “account number” ng aking Sikap Pinoy Savings Account?

Ang account number ng iyong Sikap Pinoy Savings Account ay ang naka-imprentang 12-digit number sa harapang ibaba ng iyong ATM card – ito ang numerong kailangan mo sa tuwing ito ay iyong huhulugan.

12. Paano ko malalam na nakarating na sa aking Sikap Pinoy Savings Account ang aking inihulog?

Bukod sa paggamit ng mga Bank of Commerce at kahit alinmang Bancnet, Megalink at Expressnet ATM machines sa buong bansa, sa pamamagitan ng internet (www.bankcom.com.ph), iyong masisiguro na nakarating o pumasok na sa iyong Sikap Pinoy Savings Account ang iyong padala o inihulog. Bumisita muna sa pinakamalapit na sangay ng Bank of Commerce upang mai-enroll ang iyong account sa Bank of Commerce Internet Banking.



Para sa mga karagdagang katanungan, bumisita lamang sa pinakamalapit na sangay ng Bank of Commerce o tumawag sa +63(2)632-2265 o mag-email sa remhelpdesk@bankcom.com.ph